**SAMPOL NA LIHAM SA KOMUNIDAD**
**Impormasyon Tungkol sa Tigdas**

**Minamahal na mga Miyembro ng Komunidad,**

Laganap ang tigdas sa ating lugar. Mayroon kaming impormasyong ibabahagi sa inyo tungkol sa tigdas at kung kailan dapat humingi ng pangangalagang medikal.

**Ang tigdas ay sakit na lubos na nakahahawa at dulot ng isang virus:**

- Puwede itong maging mapanganib, lalo na para sa mga sanggol at maliliit na bata.
- Kumakalat ang tigdas sa pamamagitan ng hangin kapag umubo o bumahin ang isang taong maysakit.
- Puwedeng manatili ang virus sa hangin sa loob ng 2 oras pagkaalis sa lugar ng taong may tigdas.
- Ganap itong nakahahawa kaya humigit-kumulang 9 mula sa 10 tao na nakalapit sa isang taong may tigdas ang mahahawahan nito kung hindi sila nabakunahan.
- Ang pinakamabisang paraan upang makaiwas sa tigdas ay sa pamamagitan ng bakuna sa tigdas, beke, at rubella (MMR).
- Ang sinumang hindi nabakunahan ay nanganganib na mahawahan ng tigdas at magkaroon ng malulubhang komplikasyon.

Ang pag-alam sa mga sintomas ng tigdas at pagkuha ng angkop na pangangalagang medikal ay mahalaga upang maiwasan ang pagkalat ng virus at mapigilan ang malulubhang komplikasyon.

**Lumalabas ang mga sintomas ng tigdas 7 hanggang 14 na araw pagkatapos magkaroon ng kontak sa virus. Kabilang sa mga karaniwang sintomas ng tigdas ang:**

- Mataas na lagnat (maaaring tumaas nang hanggang 104°F (40°C))
- Ubo
- Tumutulong sipon
- Namumula at/o nagluluhang mata
- Karaniwang nagsisimula ang pamamantal (ilang araw pagkasimula ng lagnat at sa unang paglabas nito sa mukha at pagkalat pababa)

**Puwedeng magdulot ang tigdas ng ilang problema sa kalusugan, kabilang na ang**:

- Pulmonya
- Pamamaga ng utak (encephalitis)
- Posibleng pati na ang pagkamatay

**Kung may mga sintomas ng tigdas ang isang tao sa inyong pamilya:**

- Ilayo siya sa mga miyembro ng pamilya na walang sakit.
- Ang lahat ng tao sa bahay ay dapat manatili sa tahanan upang hindi mahawahan ng sakit ang inyong mga kapitbahay o tao sa labas ng inyong tahanan.
- Tumawag sa doktor o ospital agad-agad upang ipaalam sa kanila na mayroong taong maaaring may tigdas sa inyong tahanan. Bibigyan nila kayo ng tagubilin.

**Kailan dapat pumunta sa emergency room:**
Kung mabilis na lumala ang taong maysakit o mayroon siya ng alinman sa mga sintomas na nakalista sa ibaba, dalhin siya kaagad sa kagawarang pang-emergency ng ospital. **HUWAG NANG MAGHINTAY PA.**

- Problema sa paghinga (o humihinga nang mas mabilis kaysa normal)
- May masakit kapag humihinga o umuubo
- Nade-dehydrate (nanunuyo ang ilong at bibig, nabawasan ang pag-ihi, umiiyak nang walang luha)
- Ayaw huminto ng lagnat o sakit ng ulo
- Nalilito, nabawasan ang pagkaalerto, o malubhang nanghihina
- Nangangasul ang paligid ng bibig, mababa ang enerhiya, o nahihirapang kumain (para sa maliliit na bata)

**Patawagin ang isang tao bago kayo dumating. Ipaalam sa ospital na may darating na taong maaaring may sakit na tigdas.**

**Ang pagbabakuna sa MMR ang pinakamabuting paraan upang makaiwas sa tigdas at sa mga komplikasyon nito.** Para sa mga taong hindi puwede o hindi gustong magpabakuna, mas mataas ang panganib na mahawahan ng tigdas at magkaroon ng malubhang karamdaman sa panahon ng paglaganap nito. Ang pag-alam sa tigdas at pagkuha ng angkop na pangangalagang medikal ay mahalaga upang maiwasan ang pagkalat ng virus at upang mapigilan ang malulubhang komplikasyon.